# PATAWARIN AT KALIMUTAN

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Bong Guerero
Setyember 23, 2023

Ipinapaalala ni Hesus sa atin na tayo ay tinawag upang humingi at magbigay ng pagpapatawad. Nasaktan tayong lahat at nakasakit din tayo. Sinabi Niya sa atin na ang isang alagad ay may pusong mapagpatawad. Dagdag pa nito, ipinapaalala ni Pablo na ang lahat ng ginagawa natin ay para sa Panginoon.

**Mga bersikulo sa Bibliya tungkol sa pagpapatawad:**

**1. Hebreo 27:30-28:7**

**1.1. Galit at ngitngit ay kinapopootang mga bagay, ngunit niyakap ng mga makasalanan ang mga ito.** Ang mga kasuklam-suklam na mga bagay na ito ay ginagawa ng mga makasalanan. Iwaksi natin ang galit at mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos.

**1.2. Ang mapaghiganti ay hahatulan ng Diyos, alam Niya ang lahat nilang mga kasalanan.** Magpatawad tayo para maiwasan natin ang paghihiganti ng Diyos. Halimbawa, sa mag-asawa, ang babae ay hindi dapat maghiganti sa pagtataksil ng asawa. Ang pagpapakasal ay relasyon ng dalawang taong mapagpatawad, ngunit kung hindi, hindi sila dapat magpakasal.

1**.3. Patawarin ang kapwa sa kawalan niya ng katarungan**. Kaya, kung ikaw ay magdadasal, lahat ng iyong kasalanan ay mapapatawad. Dagdag pa nito, pinapatawad ni Hesus ang nagpapatawad.

**1.4. Dapat bang kimkimin ang galit sa kapwa at umaasa ng kagalingan mula sa Diyos?** Sa pagdadasal natin ng Ama Namin, "Patawarin Mo kami sa aming mga sala para ng sa pagpapatawad namin sa nagkasala sa amin," nagpapahiwatig na dapat nating patawarin ang mga taong nagkasala sa atin. At umasa tayo ng sariling kagalingan, at sa ating pamilya: emosyon, sikolohiya at pisikal.

**1.5. Ang tao bang hindi nagpatawad sa kapwa ay dapat humingi ng pagpapatawad sa kanyang mga kasalanan**? Ipinapa-alala ni Hesus ang Ginintuang Panuntunan, "Gawin mo sa iba ang gusto mong gawin sa iyo," at sa pagiging maawain, makatatanggap tayo ng awa at kapatawaran sa ating mga kasalanan.

**1.6. Sino ang magpapatawad sa kasalanan ng taong nagtataglay ng matinding poot?** Kung pinapatawad natin ang ating kapwa, binibigyan pa natin sila ng isa pang pagkakataon. Ang pagpapatawad sa iba ay nakatutulong sa paghahanda ng ating puso sa pagtanggap ng awa.

**1.7. Alalahanin ang iyong mga huling araw, iwaksi ang galit; tandaan ang kamatayan at pagkabulok, at huwag ng magkasala.** Darating ang araw na mamamatay din tayo, kaya iwaksi ang galit at mamuhay ayon sa mga utos ng Diyos.

**1.8. Isipin ang mga utos, huwag kapootan ang kapwa at ang Kataas-taasang pangako, at talikuran ang mga mali.** Sa halip na magalit sa mga kasalanan ng iba, kaligtaan at kalimutan na lamang ang mga ito.

**2. Awit 103:8**

**"Ang Panginoon ay mahabagin at matulungin, kung magalit ay banayad, kung umibig nama'y lubos."** Ang hindi pagpapatawad ay parang nagsunog ng tulay, na pagdating ng araw kailangan ito sa pagtawid, dahil sa kahinaan at pagkakasala.

**3. Mateo 18:21-22**

**Tinanong ni Pedro si Hesus," Panginoon, ilang beses ko po bang patatawarin ang kapatid kong nagkasala sa akin? Makapito po ba?" Sinagot Siya ni Hesus, "Hindi ko sinabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito."** Hangga't hindi natin pinapatawad ang ating kapwa nang taos-puso, tayo ay mapaparusahan din (Mateo 18:23-35).

**KONKLUSYON:**

Kapag nagkait tayo ng pagpapatawad, nagiging bato ang ating puso. Kaya, hindi makapasok ang pag-ibig ng Diyos. Ang pagpapatawad ay nakalalambot ng puso at makatatanggap tayo ng butil ng awa na mamumunga sa ating buhay.

**PAGNINILAY:**

1. Ano pa ang hindi mo napapatawad na hanggang ngayon ay nasa iyong puso?
2. Paano mo napagtagumpayan ang iyong hirap sa pagpapatawad?

**Scribes Ministry**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#magpatawad,#awa